ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGPAPASULAT NG SANAYSAY BILANG ESTRATEHIYA SA PAGPAPALAWAK NG KASANAYAN SA WASTONG PAGGAMIT NG BANTAS

Gueenny R. Berdin[1], **Christian D. Sison**[2]
*[123]*Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
https://orcid.org/0009-0008-3356-2415[1], *https://orcid.org/0009-0007-7351-7771*[2]

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22508
DOI No: 10.36713/epra22508

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng action research na ito ang mabawi ang mababang antas ng kakayahan sa mga batayang kasanayan sa pagsulat, partikular na sa paggamit ng wastong bantas, sa asignaturang Filipino sa ika-7 baitang ng Asuncion National High School. Isinagawa ang panimulang pagtataya sa pamamagitan ng pre-test upang masukat ang kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral. Matapos ang implementasyon ng interbensiyong tinawag na PASA (Pagpapalawak ng Abilidad sa Sanaysay sa pamamagitan ng Tamang Paggamit ng Bantas), muling isinagawa ang pagtataya gamit ang post-test upang masuri ang naging epekto ng interbensyon. Batay sa resulta ng panimulang pagtataya (pre-test), lumabas na ang mean score ng mga mag-aaral ay 11.500 na may standard deviation na 4.200. Ipinapakita ng datos na ito ang mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong bantas bago isagawa ang interbensyon. Samantala, matapos ang implementasyon ng PASA, ang naging resulta ng post-test ay may mean score na 16.967 at standard deviation na 1.829. Ipinapakita nito na tumaas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon, at naging mas konsistent ang kanilang mga sagot batay sa mas mababang SD. Upang matukoy kung ang pagtaas sa marka ay makabuluhan at hindi bunga lamang ng pagkakataon, isinagawa ang paired sample t-test. Lumabas sa pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa mean scores ng pre-test at post-test, na may $t(29) = 7.763$, $p < .001$. Ang resulta ay nagpapahiwatig na statistically significant ang pagtaas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas pagkatapos ng interbensyon. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na epektibo ang isinagawang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral. Pinatotohanan nito ang mahalagang papel ng guro sa pagpukaw ng interes at pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga bantas. Iminumungkahi rin ng pag-aaral ang paglikha ng mga interaktibong aktibidad na angkop sa antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral. Tulad ng ibang mga mananaliksik, hinihikayat ng pananaliksik na ito ang agarang pagtugon sa mga kakulangan sa pagkatuto sa pamamagitan ng sistematikong pananaliksik. Nagsisilbi rin itong gabay sa mga guro at paaralan na may kaparehong suliranin upang makabuo ng mga epektibong solusyon sa pagtuturo.

MGA SUSING SALITA: *Bantas, Pagsulat, Interbensiyon, PASA, Action Research, Filipino, Ika-7 Baitang*

INTRODUKSYON

Pinag-aralan nina Păiș at Tufiș (2021) ang mga teknolohiyang nagbabalik ng tamang bantas at capital letter sa tekstong wastong paggamit ng bantas. Sina Nagy et al. (2021) naman ay gumamit ng BERT para sa awtomatikong punctuation restoration. Sina Chan et al. (2022) ay gumawa ng sistemang AGReE na lumilikha ng grammar exercises at sinusuri kung aling bantas ang madalas mali o hindi nauunawaan, na nakatutulong sa pagtuturo at pagwawasto ng karaniwang pagkakamali. Marami sa atin ang hindi alam ang kahalagahan ng tamang paggamit ng bantas sa pagsusulat pagsasalita. Hindi ito dapat Balewalain sapagkat ang gramatika ay ang pinakamahala sa paggawa at pag-intindi ng isang teksto at mensahe. Ang pag-usbong ng technolohiya ay isa lamang sa mga sagabal sa pag-aaral ng tamang gamit ng bantas, sapagkat umusbong din ang pagpapaiklit at pagbabawas ng mga salta gamit ang bantas kaya ang pagiintindi ay minsang nababago.

Sinuri nina Păiș at Tufiș (2021) ang iba't ibang teknolohiya at algorithm na nagre-restore ng bantas at *capital letter* sa mga tekstong nawalayan nito, tulad ng output mula sa speech recognition. Sa kabilang dako, Sa pag-aaral naman nina Nagy, et al. (2021) "Automatic punctuation restoration with BERT models", ginamit nila ang mga neural models (hal., BERT) para awtomatikong ibalik ang tamang bantas sa teksto. Sa isang banda, ang pag-aaral nina Chan et al. (2022) ang papel na "*AGReE: A system for generating Automated Grammar Reading Exercises"*, inimbento ng mga may-akda ang isang sistema (AGReE) upang lumikha ng mga grammar exercises kung saan kasama sa pagsusuri ang punctuation inventory: tinitingnan kung aling mga bantas ang nagiging mahirap maunawaan ng mga mag-aaral, at kung alin ang madalas mali. Ang pag-develop ng *inventory technique* para sa bantas, o sistematikong pagbibilang at pagsusuri ng paggamit ng mga bantas ay tumutulong hindi lang sa teknikal na pagbangon ng teksto kundi pati na rin sa *pedagogical feedback*, nakikilala

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kung anu-ano ang madalas na mali ang paggamit o *missing marks*, kaya nagkakaroon ng pagkakataong itama ito sa pagtuturo at paggamit.

Sa Pakistan, ang pagsusuri ng mga panayam ay nagpakita na ang kakulangan ng pagsasa- nay sa mga bantas, kawalan ng pagtuturo ng bantas sa loob ng konteksto, kawalan ng pagwasto ng bantas at kakulangan ng error corrective feedback sa mga error sa bantas ang mga panguna- hing dahilan sa likod ng mga pagkakaiba sa dalas ng mga error sa bantas (Syed, 2020). Sa Vietnam, ang pag-aaral na ito binigyang-diin nito na ang mga mambabasa ay nahihirapan sa pag-unawa ng nakasulat na Ingles dahil sa kakulangan ng mga kuwit; kailangan nilang bumalik at muling basahin ang isang partikular na seksyon ng nakasulat na gawain upang makuha ang buong diwa. Ang pinakakaraniwang pagkakamali ng mga estudyanteng Palestinian EFL sa kanilang pagsulat ay mga kuwit at tuldok (Tran Thi Yen, 2021). Sa kabilang dako, sa Sri Lanka naman ay ipinakita ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ng KM/ Mahmud Ladies College ay nahihirapan sa pagtukoy ng mga bantas sa pagsulat. Bukod dito, natukoy na ang paraan ng pagtuturo ay maaaring baguhin at pagbutihin upang maunawaan ng mga mag-aaral (Farjana et al. 2025).

Sa Pilipinas, partikular sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Cauayan, Isabela, natukoy sa mga pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagbuo ng mga ideya, na nagdudulot ng kawalan ng interes sa pagsulat (Galingana, 2019). Sa isang kwalitatibongdiskurso na pag-aaral ang isinagawa sa St. Mary's College of Tagum, Inc. na tumutok sa pagsusuri ng mga kamalian sa sanaysay ng mga mag-aaral sa antas sekundarya. Natukoy sa pag-aaral na ang mga karaniwang kamalian ay nasa wastong gamit ng mga bantas, gramatika, at estruktura ng pangungusap. Iminungkahi ng mga mananaliksik ang masusing pagtutok sa mga aspektong ito upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral (Bante et. Al 2024). Sa pag-aaral nina Garcia at Mendoza (2022) sa Iloilo, nakita ang direktang epekto ng maling bantas sa kabuuang kalidad ng mga akademikong sulatin. Nababawasan ang kredibilidad ng mga mag-aaral at hindi lubos na naipapahayag ang kanilang mga ideya dahil sa gramatikal na kamalian sa bantas.

Batay sa isinagawang paunang pagsusulit (pre-test) ng guro sa Filipino sa unang markahan ng taong panuruan 2024–2025 sa Asuncion National High School, lumabas na 68% ng mga mag-aaral sa Grade 7 ay nakakuha ng mababa (60% pababa) sa bahagi ng pagsusulit na tumutukoy sa wastong paggamit ng bantas sa paggawa ng pangungusap. Ipinakita sa pagsusulit na maraming mag-aaral ang gumagamit ng maling bantas sa dulo ng pangungusap, at may ilan ding hindi naglalagay ng anumang bantas. Ang kakulangang ito ay nakaaapekto sa kanilang kakayahang maipahayag nang maayos ang kanilang kaisipan sa pagsulat ng sanaysay. Ilan sa mga salik ng suliraning ito ay ang kakulangan ng interes at motibasyon sa pag-unawa sa tuntunin ng bantas, pagmamadali sa pagsusulit, kapabayaan, kakulangan sa kaalaman sa wika, at dami ng tuntunin sa paggamit ng bantas, lalo na ng kuwit. Bilang mga gurong nagsasanay, aming natuklasan ang suliranin sa kasanayang pasulat ng mga mag-aaral batay sa mga gawaing ipinakita ng aming *Cooperating Teachers* at mula sa panayam sa mga guro, partikular sa asignaturang Filipino. Dahil dito, napagpasyahan naming magsagawa ng Action Research upang matugunan ang suliraning ito sa aming antas ng pagtuturo sa ANHS.

Bagaman may mga umiiral nang pag-aaral hinggil sa kahalagahan ng wastong gamit ng bantas at sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat sa asignaturang Filipino, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na partikular na tumutukoy sa pagpapasulat ng sanaysay bilang pangunahing estratehiya upang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa mga teknik sa grammar instruction, drill exercises, at multiple choice activities, ngunit kulang sa empasis ang integrasyon ng pagsulat ng mas malalalim na teksto gaya ng sanaysay bilang kasangkapan sa praktikal na paglalapat ng mga tuntunin sa bantas.

Ipinakita sa pag-aaral nina Dela Cruz at Aquino (2021) na epektibo ang mga gawaing pagsasanay sa gramatika upang mapabuti ang mekaniks ng pagsulat, ngunit hindi nito ganap na naisasalin sa aktwal na pagsulat ng mas mahahabang teksto gaya ng sanaysay. Samantala, sa pananaliksik ni Lopez (2020), binigyang-diin na ang malikhaing pagsulat, kabilang ang sanaysay, ay isang mabisang paraan upang mahubog ang kabuoang kakayahang lingguwistiko ng mag-aaral, ngunit hindi nito tinutukan kung paano ito nakaaapekto sa tamang paggamit ng bantas. Dagdag pa rito, ipinakita ni Reyes (2022) sa kaniyang pag-aaral na maraming magaaral ang may limitadong kaalaman sa bantas sa kabila ng mataas na marka sa mga multiple choice na pagsusulit, na nagpapakita ng kakulangan sa aplikasyon ng kaalaman sa aktwal na pagsulat.

Dahil dito, may malinaw na puwang sa literatura na nangangailangan ng karagdagang pananaliksik ukol sa pagpapasulat ng sanaysay bilang estratehikong paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na mahasa sa wastong paggamit ng bantas sa makabuluhang konteksto ng pagsulat. Ang pananaliksik na ito ay magsisilbing tugon sa nasabing kakulangan sa larangan ng pagtuturo ng wika at pagsulat.

Upang matamo ang inaasahang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino Baitang 7 ng Asuncion National High School, kailangang bigyang-lunas muna ang kahinaan ng mga mag-aaral sa mga batayang kasanayan sa pagsulat partikular sa paggamit ng bantas (tinatawag itong mekaniks sa pagsulat) na hindi pa ganap na nalinang sa mga naturang mag-aaral sa mga nakaraang antas ng pag-aaral batay na rin sa resulta ng pang-unang pagsusulit/pagtataya sa kasanayan sa pagsulat na ibibigay ng mananaliksik. Ang hakbanging ito ay alinsunod sa nilagdaang Kautusang Pangkagawaran ng DepEd Blg. 39, serye 2012 ni Kalihim Armin A. Luistro noong Mayo 11, 2012 na pinamagatang *Policy Guidelines on Addressing Learning Gaps and Implementing A Reading and Writing Program in Secondary Schools Effective School Year* (SY) 2012-2013.0

LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang mga sumusunod na tanong sa pananaliksik ay naglalayong suriin kung paano maaaring maging epektibong interbensyon ang Pagpapasulat ng Sanaysay bilang Estratehiya sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagpapalawak ng Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Bantas upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap at pagsasaayos ng ideya sa loob ng isang sanaysay gamit ang wastong bantas. Ang mga tanong sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas bago ang interbensyon?
2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas pagkatapos ng interbensyon?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagganap ng mga mag- aaral sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon?
4. Pananaw sa antas ng pagganap ng mga mag- aaral sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon.

Mungkahing Inobasyon, Interbensyon, at Estratehiya

Ang kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay ay isang mahalagang aspeto ng pagkatuto sa asignaturang Filipino. Hindi lamang nito pinauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagpapahayag ng ideya, damdamin, at saloobin, kundi nagbibigay-daan din ito upang mahasa ang kanilang kaalaman sa gramatika, partikular sa wastong paggamit ng bantas. Sa kabila ng kahalagahang ito, marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa tamang paggamit ng mga bantas sa pagsulat, na nagiging hadlang sa malinaw at epektibong pagpapahayag.

Bilang tugon sa suliraning ito, ang mananaliksik ay nagmumungkahi ng isang interbensyon na pinamagatang **PASA (Pagpapalawak ng Abilidad sa Sanaysay sa pamamagitan ng Tamang Paggamit ng Bantas).** Ang proyektong ito ay isang sistematikong hakbang na naglalayong mapabuti ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa konteksto ng pagsulat ng sanaysay. Sa pamamagitan ng interbensyon na ito, inaasahang: Mapalalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa iba't ibang anyo ng sanaysay, Mahuhubog ang kanilang kakayahan sa malikhaing at akademikong pagsusulat na may pagsasaalang-alang sa gramatika at estruktura ng wika, at Magkakaroon sila ng kumpiyansa sa pagsulat, at magiging mas aktibo sa mga gawaing pampananalita at pampagsulat sa klase.

Ang PASA ay ipatutupad sa pamamagitan ng mga sumusunod na estratehiya: Paggamit ng powerpoint presentation na naglalaman ng aralin, gabay na halimbawa, at pagsasanay sa wastong gamit ng bantas, Pagsasagawa ng malikhaing pagsulat na magbibigay-daan sa aktwal na paglalapat ng natutuhang kaalaman sa pagbuo ng sariling sanaysay, at Pagbibigay ng *rubrics-based assessment* upang masukat ang pag-unlad ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon.

Higit pa rito, layunin din ng proyektong ito na palakasin ang ugnayan ng paaralan sa mga kasosyo nito, partikular ang mga *stakeholder* ng Asuncion National High School para sa Taong Panuruan 2024–2025. Kabilang dito ang mga magulang, guro, punong-guro, at mga kinatawan mula sa lokal na pamahalaan ng Munisipalidad ng Asuncion, na inaasahang makikibahagi sa pagbibigay-suporta sa implementasyon ng proyekto, tulad ng: Paglalaan ng mga materyales at kagamitan sa pagsulat, Pagpapahintulot sa paggamit ng pasilidad para sa workshop, Pagbibigay ng insentibo o pagkilala sa mga mag-aaral na may mataas na pagganap, at aktibong partisipasyon sa pagtatasa ng tagumpay ng programa.

Sa pamamagitan ng inobasyong ito, inaasahang hindi lamang tataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas at pagsusulat ng sanaysay, kundi mapapalalim din ang kooperasyon ng mga stakeholder sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa paaralan.

Week 1	Week 2-3	Week 4-5
Pokus: Pagbuo ng mga pangunahing kasanayan sa pagtukoy ng mga wastong bantas na gagamitin sa isang pangungusap. • Natututo ang mga mag-aaral na buoin ang mga pangungusap at magamit ng wasto ang bawat bantas. Ang pagbigay ng gawain ay nagiging gabay sa wastong	**Pokus:** Pagkilala at paggamit ng wastong bantas sa isang pangungusap. Nagsagawa ng *by pair* na gawain na naktutulong upang maiwasto ang kanilang paggamit ng bantas. Natukoy kung paano at kailan gagamitin ang mga particular na bantas tulad ng tuldok,	**Pokus:** Paggalugad ng mas kumplikadong mga bantas tulad ng tuldok, kuwit, tandang padamdam, at tandang pananong. Pinalalalim ng mga mag-aaral ang kanilang pagunawa sa mga panuntunan sa wastong paggamit ng bantas sa isang sanaysay. Nagsagawa ng pagsusulat ng isang sanaysay na may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

• paggamit ng mga bantas. Nagsagawa ng interaktibong gawain tulad ng *oral recitation* na ginamitan ng *duck race* para ito ang pipili ng mag-aaral na sasagot sa mga katanungan.	• kuwit, tandang padamdam, at tandang pananong. Mga gawain na nakatutulong upang mas mapalawak ang kanilang kaalaman sa wastong paggamit ng mga bantas.	iisang paksa ngunit may iba ibang perspektibo bawat mag-aaral, at sa bawat sanaysay na naisulat kapansin pansin ang pagpapabuti sa wastong paggamit ng bantas.

Hypothesis
Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas bago at pagkatapos ng interbensyon sa pamamagitan ng pagpapasulat ng sanaysay.

METODOLOHIYA

Action research ang paraan na ginamit sa pag-aaral na ito. Ayon kay Ferrance (2000), ang *action research* ay tumutulong sa mga tagapagturo na masuri ang mga kinakailangan, idokumento ang mga hakbang sa pagtatanong, pag-aralan ang datos, at gumawa ng mga edukadong desisyon na humahantong sa nais na mga resulta. Ang action research ay isang diskarte na maaaring gamitin ng mga guro upang suriin ang isang isyu o isang lugar ng interes partikular sa kanilang propesyonal na kapaligiran. Mas madalas, nagbibigay ito ng balangkas para sa pagsali sa isang sistematiko, planado, at naitalang proseso ng propesyonal na pag- unlad. Sa kadahilanang ito, susubukan ng mga mananaliksik na pataasin ang antas ng kakayahan sa paggamit ng bantas sa pamamagitan ng pagpapakilala at paggamit ng 3M's: Matuto, Magsanay, at Magsulat (Hamilton, 1997 na sinipi ni De Leon, 2019).

Sa mga tuntunin ng pagpapatupad ng interbensyon, ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa isa sa mga guro kung maaaring hiramin ang kanyang oras o iskedyul sa pagtuturo. Ang mga mananaliksik ay naghanda ng *lesson plan* ng aralin o paksa. Ang tekstong ginamit ng mananaliksik partikular sa mga bantas ay nakuha sa "KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat ni Virgilio S. Almario. Ang ginamit ng mananaliksik sa *pre-test* at *post-test* na pinamagatang *Investigate the Problems of Using Punctuation among Secondary School Students* Ang instrumento sa pangangalap ng datos ay may 20 na bantas; 10 na tuldok, 7 na kuwit, 1 na padamdam, 2 pananong (Abdelsadig et al. 2016).

Instrumento
Sa pamamagitan ng pagpapagawa ng isang sanaysay ito ang ginamit upang masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral patungkol sa paggamit ng wastong bantas sa pangungusap. Ang pagsusulitin ng sanaysay ang mga mag-aaral na nasa baitang pito ng mataas na paaralan ng Asuncion National Highschool. Sa panahon ng pagtuturo at pagkatuto, ang guro ay dapat na patuloy na magtasa para sa pagkatuto upang matiyak na ang mga mag-aaral ay umuunlad kaugnay ng mga pamantayan. Nasa yugtong ito kung kailan dapat na maisagawa ang mga kagyat na interbensyon para sa pagtutuwid ng mga puwang bilang isang bagay ng madalian kung hindi man kung ang mga puwang sa pag-unawa ay hahayaang maipon, kung gayon ang mga mag-aaral ay mahihirapang makahabol (Luistro, 2012). Maaaring mag-iba ang mga gaps sa pag-aaral sa mga mag-aaral; kaya, ang mga interbensyon na maaaring kailangang ibigay ay dapat na iayon sa mga indibidwal na pangangailangan sa pag-aaral. Ang isang buong-klase na diskarte sa bridging gaps ay hindi inirerekomenda maliban kung ang mga kakulangan ay karaniwan sa lahat ng mga mag-aaral. Ang isang gabay sa isang tiered na modelo ng bridging gaps ay ibinigay tulad ng sumusunod:

Talahanayan 1
Range of Mean Percentage

Score Range	***Level***
74% and below	*Beginning (1)*
75-79%	*Developing (2)*
80-84%	*Approaching Proficiency (3)*
85-89%	*Proficient (4)*
90% and above	*Advanced (5)*

Interpretasyon
Inilarawan isa-isa ang naturang antas ng kasanayan gaya ng nasasaad sa ibaba:
Beginning: Sa yugtong ito, ang mag-aaral ay kasalukuyang may kalituhan pa sa kanyang pang-unawa; ang kanyang mga batayang kasanayan at kaalaman ay hindi pa sapat para sa sariling pagkatuto.

Developing: Ang mag-aaral sa yugtong ito ay nagtataglay na ng mga batayang kaalaman, kasanayan, at pag-unawa subalit nangangailangan pa rin nang ibayong pagsubaybay sa pagsasakatuparan ng isang gawain.

Approaching Proficiency: Nalinang na sa mag-aaral ang mga batayang kaalaman, kasanayan, at pag-unawa. Sa kaunting tulong o gabay ng guro, nailalapat na ng mag-aaral ang anumang natutuhan sa pagsasakatuparan ng isang takdang gawain.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Proficient: Ganap nang nalinang sa mag-aaral ang mga batayang kaalaman, kasanayan, at pag-unawa. Sa yugtong ito, nailalapat na ng mag-aaral ang anumang natutuhan sa pagsasakatuparan ng isang takdang gawain nang mag-isa o walang anumang pagsubaybay.

Advanced*:* Bilang pinakamataas na yugto, nalagpasan na ng mag-aaral ang mga batayang pangangailangan sa kaalaman, kasanayan, at pag-unawa. Anumang natutuhan ng mag-aaral ay awtomatikong nailalapat na niya sa pagsasakatuparan ng isang gawain.

Sa kabilang banda, ginamit ang paired t-test formula upang masukat ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang resulta ng pagtuto na ito ang magiging batayan kung mayroong pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas pagkatapos ng interbensyon.

Sampol at Populasyon

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Asuncion National High School. Sa paaralang ito ay napansin ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa paggamit ng watong bantas sa kanilang sinusulat na sanaysay sa Filipino.

Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-7 ng Asuncion National High School. Para sa pag-aaral na ito, pumili lamang ang mga mananaliksik ng isang seksyon mula sa baitang-7 bilang mga respondente. Ang napiling seksyon ay binubuo ng 30 mag-aaral na siyang magsisilbing tagapagbigay ng datos upang masukat ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong bantas sa Filipino. Layunin din ng pag-aaral na ito na matukoy kung may pagbabago sa kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong bantas batay sa resulta ng kanilang *pre-test at post-test.*

Hakbang sa Paglikom ng Datos

Ang unang ginawa ng mga mananaliksik ay ang paggawa ng isang liham na nagsasaad sa lahat ng mga hakbang na aming gagawin at liham pahintulot upang mabigyan kami ng pahintulot sa pagsagawa nito sa paaralan ng Asuncion National High School. Sa liham ay inilagay ng mga mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang na gagawin at ang mga magiging partisipante ng pag-aaral na ito. Nang mabigyan na ng pahintulot ito na ang siyang magiging daan upang isagawa ang pag-aaral.

Ang sumunod na hakbang ay ng mga mananaliksik ay nanghingi ng payo sa isang piling guro upang makatulong sa pagpaplano at pagbabantay sa implementasyon ng proyekto. Magkakaroon ng regular na pagpupulong para sa maayos na koordinasyon.

Ang pangatlong hakbang ay makikipag-ugnayan ang mga mananaliksik sa mga kalahok at magsasagawa ng oryentasyon kung saan ipapaliwanag ang layunin, intensyon, at metodolohiya ng proyekto gamit ang wikang pamilyar sa kanila. Hihingin din ang kanilang pahintulot na makilahok sa proyekto, at isasaalang-alang ang kanilang *availability.*

Upang matiyak ang kapakanan ng mga kalahok, ipapaliwanag ng mananaliksik ang mga benepisyo ng proyekto, kabilang ang pagpapalakas ng kasanayan sa wastong paggamit ng bantas sa pamamagitan ng pagsusulat. Magiging gabay ito ng mga kalahok sa mga aktibidad na kanilang gagawin para maisakatuparan ang layunin ng programa. Sisiguraduhin din ng mananaliksik na ang mga hakbang na ipapatupad ay naaayon sa mga alituntunin ng kaligtasan at kalusugan.

Matapos ang isang linggong implementasyon, muling magtitipon ang guro at mga mananaliksik para sa karagdagang pagpaplano, pagpapaunlad, at pagtatasa ng proyekto. Sa pamamagitan nito, masisiguro ang mas aktibong pakikilahok ng mga guro sa tagumpay ng programa.

Ang Proyektong PASA (Pagpapalawak ng Abilidad sa Sanaysay gamit ang tamang paggamit ng Bantas) ay naglalayong palakasin ang pakikipag-ugnayan ng paaralan sa mga *stakeholders*. Sa pamamagitan ng epektibong pagpaplano at implementasyon, ang interbensyon na ito ay magbibigay inspirasyon at motibasyon sa mga mag-aaral na linangin ang kanilang kaalaman sa gramatika at pagsusulat ng sanaysay.

Sa pagtatapos ng proyekto, inaasahang magkakaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas at tiwala sa pagsusulat. Higit pa rito, ang mas matibay na pakikipagtulungan ng paaralan at *stakeholders* ay makatutulong upang matiyak ang patuloy na pag-unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng wika.

Pagsusuri sa Datos

Ang deskriptibong pagsusuri ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang deskriptibong pagsusuri ay isang paraan na idinisenyo upang ilarawan ang mga datos sa isang anyo kung saan ito ay madaling maunawaan at bigyan ng kahulugan Nakasaad din na ang deskriptibong pagsusuri ay maaaring gamitin upang suriin ang proporsyon ng mga tao sa isang tiyak na populasyon na kumikilos sa isang tiyak na paraan (Churchill, 1999).

Sa kabilang banda, ginamit ang paired t-test formula upang masukat angmakabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamitng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang resulta ng pagtutuos na ito ang magiging batayan kung mayroong pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaralsa paggamit ng mga bantas pagkatapos ng interbensyon.

Sa unang yugto ng pagsusuri, isinagawa ang *coding* upang matukoy ang mahahalagang bahagi ng datos na may kinalaman sa layunin ng pag-aaral. Ang mga sagot at resulta mula sa mga pagsusulit ng mag-aaral ay isinailalim sa *initial coding*, kung saan binigyan ng mga label ang mga umuulit na ideya at pattern. Halimbawa, ang mababang marka sa pre-test ay tinukoy sa ilalim ng code na *Low Pre-Test Scores*, habang ang pagtaas ng marka sa *post-test* ay kinategorya bilang *Improved Post-Test Performance*. Ang paggamit ng *paired t-test* ay kinilala bilang *Statistical Testing* at ang deskriptibong pagsusuri ay tinukoy bilang *Use of Descriptive Analysis*. Ang hakbang na ito ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nagsilbing pundasyon upang matukoy ang mga makabuluhang bahagi ng datos na susuriin pa sa mga susunod na hakbang.

Matapos ang *initial coding*, isinagawa ang *data reduction* o pagbabawas at pagsasaayos ng datos upang maipakita lamang ang mga pinakamahalagang impormasyon. Ang mga magkatulad na codes ay pinagsama at pinag-isa sa mas malawak na kategorya. Halimbawa, ang mga *code* na may kaugnayan sa *pre-test* at *post-test performance* ay pinagsama sa temang *Academic Performance*, samantalang ang mga datos na may kaugnayan sa interbensyon ay isinaayos sa ilalim ng kategoryang *Intervention Effect*. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang dami ng datos ay nabawasan ngunit napanatili ang kabuluhan ng mga ito. Ito ay nagbigay-daan upang mas madaling matukoy ang mga temang lalabas mula sa pagsusuri.

Mula sa *data reduction*, isinagawa ang *thematic analysis* upang bumuo ng mga temang kumakatawan sa kabuuang resulta ng pag-aaral. Lumitaw ang apat na pangunahing tema, un ana rito ay ang mababang antas ng paunang kaalaman, ipinakita ng pre-test na maraming magaaral ang may kakulangan sa kaalaman sa paggamit ng bantas. Ang mga iskor ay nasa mababang lebel, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa paunang pag-unawa sa paksa. Pangalawa, epekto ng interbensyon, matapos isagawa ang interbensyon, kapansin-pansin ang pagtaas ng marka sa post-test. Ipinakita ng *paired t-test* na may makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral, na nagsasaad na epektibo ang ginamit na estratehiya. Pangatlo, paglalarawan ng datos, ang deskriptibong pagsusuri ay naging mahalagang kasangkapan upang mailahad ang distribusyon ng mga marka sa paraang mas madaling maunawaan. Sa pamamagitan nito, naging malinaw ang agwat ng pag-unlad ng mga mag-aaral. Panghuli ay ang makabuluhang pagbabago, sa tulong ng estadistikang pagsusuri, napatunayan na may makabuluhang pagbabago sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon.

Mga Tool sa Istatistika

Ang mga sumusunod na tool sa istatistika ay gagamitin sa pag-compute ng data gayundin sa pagsubok ng hypothesis sa 0.05 na antas ng kahalagahan.

Mean. Ginamit ito upang kalkulahin ang kabuoang datos ng baryabol sa pag-aaral, nang sa gayon ay malaman ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa idase sa pre-test at post-test.

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag- aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa pre-test at post-test.

Paired T-Test. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon. Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral na nasa baitang 8 ng Asuncion National High School kaugnay sa kaalaman nito sa wastong pagbigkas ng mga salita sa Filipino.

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng wikang Filipino sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa pagbigkas ng mga salita.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng data sa antas ng mga puntos sa pagsagot ng mga mag-aaral sa talatanungan sa pretest; ang antas ng mga puntos sa pagsagot ng mga mag-aaral sa talatanungan sa post-test; at ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng pretest at posttest ng mga magaaral.

Unang Layunin: Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas bago ang interbensyon?

Batay sa resulta ng Talahanayan 2, sa *pre-test*, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mababababang marka. Halimbawa, ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 13(13.33%), kasunod ng 10, 12, at 14 (10%) sumunod naman ang 17, 15, 8, at 7 (6.67%) at panghuli na mga marka na nakuha ng mga mag-aaral ay 3, 4, 5, 6, 9, 11, 16, 18, at 19 (3.33%). Ipinapakita nito na bago pa maisagawa ang interbensyon, ang pangkalahatang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ay nasa mababang lebel.

Sa pag-aaral nina Casio et al., (2023), tinala ang obserbasyon na karamihan sa mga estudyanteng kalahok ay nag-ulat ng mahihirap o mababang marka sa pre-test. Ang resultang ito ay nagpapatibay sa pangkalahatang konklusyon ng iyong mga resulta kung saan lumabas na maraming estudyante ang may mababang performance bago pa man maisagawa ang interbensyon.

Sinuri nina Pan at Sana (2021) ang pagiging epektibo ng pretesting kumpara sa posttesting. Binanggit nila na ang pre-testing o pagkuha ng pagsusulit bago matutunan ang materyal ay karaniwang may mababang resulta sa palagay ng mga kalahok, ito'y "*failed testing*" o "*errorful generation*".

Talahanayan 2
Mean Average of the Scores in Pre-test

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
3	1	3.33%
4	1	3.33%
5	1	3.33%
6	1	3.33%
7	2	6.67%
8	2	6.67%

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

9	1	3.33%
10	3	10.00%
11	1	3.33%
12	3	10.00%
13	4	13.33%
14	3	10.00%
15	2	6.67%
16	1	3.33%
17	2	6.67%
18	1	3.33%
19	1	3.33%
Total	**30**	**100%**

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang *mean scores* bago ang interbensyon, kapansin-pansin ang malinaw na pagtaas sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong bantas sa Filipino. Sa *pre-test*, lahat ng *indicator* ay nasa saklaw ng mababang porsyento (51-70%), na nangangahulugang na ang mga mag-aaral ay may kahirapan sa pag-unawa sa paggamit ng wastong bantas. Kaya't malinaw na kinakailangan ng interbensyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong bantas.

Ang pangkalahatang resulta ng pre-test ng mga mag-aaral ay inilalarawan na "mababa." Ipinapakita nito na may kahirapan sa paggamit ng wastong bantas ang mga magaaral. Ang ganitong antas ng kasanayan ay nagpapahiwatig na bagamat may pundamental na kakayahan ang mga mag-aaral, kailangan pa rin nilang paigtingin ang kanilang *analytical* at *critical thinking skills* upang mas lubos na maunawaan at makagamit ng wastong bantas sa isang pangungusap.

Ang standard deviation na 4.200 ay relatibong mababa, na nagpapahiwatig na hindi gaanong magkakahiwalay ang mga iskor sa bawat indicator. Ibig sabihin, halos magkakatulad ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bawat uri ng bantas. Ang ilang mag-aaral ay maaaring mas mataas o mas mababa pa ang nakuhang marka kaysa sa kabuuang average, na nagpapahiwatig ng hindi pantay-pantay na antas ng kaalaman sa simula pa lamang.Ang mababang standard deviation ay maaaring negatibong senyales para sa guro, sapagkat ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay maaaring sabay-sabay na bigyan ng pantay-pantay na pagsasanay sa lahat ng uri ng bantas. Kinakailangan ng pagbibigay-tuon sa mga bahagi ng bantas dahil halos lahat ay nangangailangan ng pantay na atensyon.

Ayon sa pag-aaral nina Păiş & Tufiş (2022), isa sa pinakakaraniwang pagkakamali sa pagsulat ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng mga bantas sa mga pangungusap. Hindi mada- las na nakakaranas ng mga error sa gamit ang tuldok (.), kuwit (,), tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), gitling (-), gitling (–), tandang pananong (?), tandang padamdam (!), ellipsis (…), panipi (""), solong panipi markahan (' '), bracket (()), square bracket ([]), slash (/), abbreviation o apostrophe ('). Samakatuwid, ang pagsusuri sa pag gamit ng mga punctuation mark ay kaila- ngang gawin bilang isang pagsisikap tungo sa pagpapabuti.

Dagdag pa, sa pag-aaral naman ni Fabricio Pamplona (2024), na ang wastong bantas sa pagsulat ng mga sanaysay ay mahalaga para sa kalinawan, katumpakan, at propesyonalismo. Ang tamang bantas ay hindi lamang nakatutulong sa mambabasa na maunawaan ang nilalaman ngunit tinitiyak din na ang iyong mga argumento ay ipinakita nang lohikal at magkakaugnay.

Talahanayan 3
Summary Table on the Mean Scores and Descriptions for Indicators before Implementation of the Intervention

Indicators		***Pre-test***
	Average Percentage Scores (%)	***Description***
Tandang Pananong	68%	*Beginning*
Tuldok	59%	*Beginning*
Kuwit	52%	*Beginning*
Tandang Padamdam	57%	*Beginning*
Total Scores	**58%**	***Beginning***
Standard Deviation		**4.200**

Pangalawang Layunin: Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas pagkatapos ng interbensyon?

Samantala, sa resulta ng *post-test*, kapansin-pansin ang paglipat ng distribusyon ng mga marka patungo sa mas mataas na antas. Halimbawa, ang pinakamaraming nakakuha ng iskor ay nasa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagitan ng 16 (20%), 17 (16.67%), at 18 (16.67%). Ipinapakita ng datos na ito na mas maraming mag-aaral ang nakapagtamo ng mas mataas na marka pagkatapos ng interbensyon kumpara sa kanilang unang pagsubok. Bukod pa rito, wala ni isa mang nakakuha ng mababang iskor na 11 o 12 sa *post-test*, taliwas sa *pre-test* kung saan may mga mag-aaral na nakakuha ng mga naturang mababang marka.

Makikita rin na dumami ang mga nakakuha ng pinakamataas na iskor na 16 (20%) sa *post-test*, na hindi naitala sa *pre-test*. Ang ganitong paglilipat ng bilang mula sa mababang marka patungo sa mataas na marka ay malinaw na ebidensya ng epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ipinapahiwatig ng mga datos na naging matagumpay ang isinagawang interbensyon sa wastong paggamit ng mga bantas sa isang pangungusap.

Sa kabuoan, ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon, na masasalamin sa pag-angat ng mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* patungong *posttest.*

Ang mas malawak na distribusyon ng mas mataas na marka pagkatapos ng interbensyon ay nagpapakita na nakatulong ito upang mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan, na siyang layunin ng isinagawang pagtuturo.

Bilang karagdagan, sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Wakgari Haile Geisa (2022), na ang bantas ay ang paggamit ng mga palatandaan upang matulungan ang mga mambabasa na maunawaan at ipahayag ang mga bagay na nakasulat. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng malalaking titik, kuwit, naka-indent na unang linya ng mga talata, at mga puwang sa pagitan ng mga salita ang lahat ng nakagawiang device na tumutulong sa mga mambabasa na maunawaan ang prosa nang mabilis at tumpak. Kapag tayo ay nagsasalita, hindi lamang tayo nagbibigay ng kahulugan sa pamamagitan ng mga salitang ating sinasabi, ngunit gayundin sa kung paano natin sinasabi ang ilan sa mga salita at ang mga paghinto na ginagamit natin sa pagitan ng ilan sa mga ito.

Talahanayan 4
Mean Average of the Scores in Post-test

Post-Test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
14	3	10.00%
15	4	13.33%
16	6	20.00%
17	5	16.67%
18	5	16.67%
19	4	13.33%
20	3	10.00%
Total	**30**	**100%**

Matapos ang interbensyon, malinaw na nagbunga ito ng pagtaas ng antas ng pagkatuto, dahil karamihan sa mga *indicator* ay umangat patungo sa mataas o napakataas na kategorya. Ang Pormal, na dating nasa mababang antas, ay umangat sa (85%), na pasok sa mataas na antas, na nangangahulugang na ang mga mag-aaral ay may mahusay na gumamit ng wastong bantas. May kaunting kahinaan sa ilang mga bahagi. Samantala, sa aspetong Tandang Padamdam mula sa (57%) ay umangat sa (60%) ito ay napabilang sa mababa na antas, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakayahang gumamit ng wastong bantas sa isang pangungusap, ngunit maaring madalas ay mali ang ginagamit o inaalis ang mga panipi.

Sa kabuoan, ang pangunahing *mean percentage score* ng mga mag-aaral ay tumaas mula 58% (Mababa) patungong 85% (Mataas). Ayon sa inilahad na interpretasyon, ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may mahusay na paggamit ng wastong bantas. May kaunting kahinaan sa ilang mga bahagi matapos ang interbensyon. Patunay ito na naging epektibo ang isinagawang interbensyon sa wastong paggamit ng bantas sa isang pangungusap.

Ang pangkalahatang resulta ng *post-test* ng mga mag-aaral ay inilalarawan "mataas." Ipinapakita nito na nagkaroon ng malaking pag-unlad ang mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng bantas. Ang mga mag-aaral ay mahusay ng nauunawaan ang wastong paggamit ng bantas. May kaunting kahinaan sa ilang mga bahagi. ang Gayunpaman, kahit na malaki ang kanilang pag-unlad kung ikukumpara sa naging resulta sa *Pre-test,* may ilang aspekto pa rin ng paggamit ng wastong bantas na nagdudulot ng kahirapan, na nagreresulta pa rin sa ilang pagkakamali. Ipinahiwatig nito na habang epektibo ang interbensyon, may mga bahagi pa rin ng pagkatuto na kailangan ng karagdagang pansin at pagpapabuti.

Ang standard deviation na 1.829 ay nagpapakita ng kaunti lamang na pagkalat o pagkakaiba-iba sa mga iskor ng bawat indicator. Ibig sabihin, halos magkakalapit ang mga marka at hindi labis ang agwat ng pinakamataas at pinakamababang scores. Ipinahihiwatig nito na may konsistensiya sa performance ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng bantas, kahit pa may ilang aspeto na nangangailangan ng karagdagang pagtutok. Nagpapakita ang resulta ng positibong pag-unlad sa kaalaman ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng bantas, subalit mainam na gamitin ang impormasyong ito bilang gabay sa mas pinatinding pagtuturo, lalo na sa mga bahagi kung saan sila nahihirapan.

Ayon sa pag-aaral ni Tran Thi Yen (2021), natuklasan sa kanilang pag-aaral na karamihan sa mga estudyante ay madalas gumawa ng mga pagkakamali sa bantas kapag sumu- sulat sila ng isang sanaysay. Madalas nilang mali ang paglalagay ng mga bantas o inaalis ang mga punctuation mark. Sa kabilang banda, sinusubukan lamang nilang alalahanin ang mga pag- gamit ng mga bantas; wala na silang pagkakataong mag-ehersisyo at gumawa kanilang sariling mga halimbawa upang matandaan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nang mas matagal. Samakatuwid, nagpapakita sila ng kahinaan sa kakayahan ng paggamit ng mga bantas.

Talahanayan 5
Summary Table on the Mean Scores and Descriptions for Indicators after Implementation of the Intervention

Indicators		***Post-test***
	Average Percentage Scores (%)	***Description***
Tandang Pananong	87%	*Proficient*
Tuldok	93%	*Advanced*
Kuwit	76%	*Developing*
Tandang Padamdam	60%	*Beginning*
Total Scores	**85%**	***Proficient***
Standard Deviation		**1.829**

Pangatlong Layunin: May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagganap ng mga mag- aaral sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon?

Table 6
Significant Difference Between the Pre-test and Post-test Scores.

ype of Test	***N***	***df***	***Mean***	***Mean difference***	***SD***	***t-value***	***Pvalue***	***ıen's d***	***Decision a=0.05***
Pre-Test Post-test	30 30	29	57.5 % 84.835%	5.47	4.200 1.829	7.763	<.001	1.417	Significant

Naitala sa Talahanayan 6, isinagawa ang Paired Samples T-Test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test matapos ang isinagawang interbensyon, $t(29)= 7.763$, $p<.001$. Ang p-value na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa performance ng mga magaaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa posttest ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Ang nakalkulang Cohen's d na 1.417 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Binigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng pagpapasulat ng sanaysay bilang estratihiya sa pagpapalwak ng kasanayan sa wastong paggamit ng bantas na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas.

Research Question 4: Pananaw sa antas ng pagganap ng mga mag- aaral sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos ng interbensyon?

Para masagot ang tanong sa pananaliksik, isinagawa ang mga indibidwal na panayam sa mga kalahok upang makuha ang kanilang mga pananaw hinggil sa paggamit ng pagpapasulat ng sanaysay bilang estratehiya sa pagpapalawak ng kasanayan sa wastong paggamit ng bantas.

Ipinapakita sa talahanayan ang mga pangunahing temang lumitaw at piling pahayag mula sa mga tugon ng mga kalahok para sa ikaapat na tanong sa pananaliksik. Ibinahagi nila ang kanilang mga obserbasyon at karanasan bilang tugon sa isinagawang interbensyon. Batay sa kanilang mga sagot, lumitaw ang lima na pangunahing tema: pagkatuto sa wastong paggamit ng bantas, pagpapahusay sa kasanayan sa paggamit ng bantas sa pagsusulat ng sanaysay, pagkatutong gumamit ng bantas sa aktwal na pagsusulat, pagkatuto sa pamamagitan ng aktwal na pagsulat at pagwawasto, at paggamit ng mga halimbawa at biswal na materyales upang higit na mapalalim ang pag-unawa na lahat ay napatunayang angkop sa proseso ng pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Pagkatuto sa Wastong Paggamit ng Bantas	• *Noon, basta ako nagsusulat. Ngayon, iniisip ko na kung saan ilalagay ang bantas. (IDI-1)* • *Dati, diretso lang ako magsulat. Ngayon, mas malinaw at tama na ang paggamit ko. (IDI-2)* • *Talagang gumanda ang sulat ko. Ngayon, sinusuri ko na kung tama ang gamit ng bantas. (IDI-4)* *Ngayon ko lang naunawaan ang kahalagahan ng bantas. Mas malinaw na ang paggamit ko ngayon. (IDI-5)* • *Mas maayos na ang sulat ko. Ngayon, gumagamit na ako ng tamang tuldok at kuwit. (IDI-8)*
Pagpapahusay sa Paggamit ng Bantas sa Pagsusulat ng Sanaysay	*Malaking tulong ang pagsusulat ng sanaysay. Noon, nalilito ako sa bantas, pero ngayon, mas malinaw ko na itong nauunawaan. (IDI1)* *Mas nakakaengganyo ang pagsusulat kaysa makinig lang. Natututo akong gumamit ng bantas habang aktwal akong sumusulat ng sanaysay. (IDI-3)* *Parang isang laro ang gawain. Natututo ako habang gumagawa kaya mas masaya at hindi nakakabagot ang klase. (IDI-6)* *Dahil sa sanaysay, mas naging maingat ako sa bantas. Natututo ako mula sa sarili kong mga pagkakamali. (IDI-8)* *Mas madaling matutunan ang bantas kapag ginagamit ito sa pagsulat, hindi lang basta minememorya ang mga patakaran. (IDI-10)*
	Masaya ako dahil natuto akong gumamit ng tamang bantas. Dati, hindi ko alam kung saan ito ilalagay. (IDI- 1) *Nahirapan ako sa simula, pero habang sumusulat, natuto akong gumamit ng bantas sa tamang pagkakataon. (IDI-2)* *Malaki ang naitulong ng interbensiyon. Dati, hindi ko iniisip ang bantas, pero ngayon, alam ko na ang kahalagahan nito. (IDI-3)*
Pagkatuto sa Pamamagitan ng Aktwal na Pagsulat at Pagwawasto	*Pinakaepektibo sa akin ang aktuwal na pagsulat ng sanaysay dahil dito ko naipraktis ang wastong paggamit ng bantas. (IDI-1)* *Mahalaga sa akin ang puna ng guro. Nalaman ko ang mali sa bantas at naayos ko ang sulat. (IDI-3)* *Epektibo ang pagwawasto ng sarili. Habang nire-review ko, natuto akong itama ang mali at naging mas maingat. (IDI-4)* *Paulit-ulit na pagsusulat ang epektibo sa akin. Natuto ako sa pagkakamali at mas naintindihan ko ang bantas. (IDI-8)* *Malaking tulong ang gabay habang sumusulat. Hindi ako nalito, kaya mas malinaw ang paggamit ko ng bantas. (IDI-9)*
Pagdadagdag ng Halimbawa at Visual na Materyales para sa Mas Malalim na Pag-unawa	*Sana ay madagdagan ng maraming halimbawa ng sanaysay na may tamang bantas para mas maintindihan namin ito. (IDI-1)* *Mainam kung ipapakita sa projector ang tamang sagot ng sanaysay para makita namin kung paano ito ginagawa nang tama. (IDI-5)* *Sana may simpleng video o animated na paliwanag tungkol sa bantas bago magsulat para mas kawili-wili at maintindihan namin. (IDI-7)* *Makatutulong kung gagamitin ang sanaysay o presentasyon upang mas ma-practice namin ang tamang paggamit ng bantas sa pagsasalita. (IDI-8)* *Sana bigyan kami ng checklist ng mga bantas na dapat gamitin o bantayan habang sumusulat kami ng sanaysay bilang gabay. (IDI-9)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang unang tema na lumabas ay Pagkatuto sa Wastong Paggamit ng Bantas na naglalantad ng makabuluhang pagbabago sa pananaw at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Batay sa mga sagot ng mga kalahok, lumilitaw ang paglipat mula sa walangkamalayang pagsusulat patungo sa mas mapanuri at responsableng paggamit ng mga bantas. Batay sa mga sagot ng mga kalahok sa isinagawang pananaliksik, malinaw ang pag-usbong ng kamalayan sa tamang paggamit ng bantas. Ipinahayag ng ilang mag-aaral na dati-rati'y wala silang pakialam kung saan ilalagay ang tuldok, kuwit, o tandang pananong. Subalit matapos ang ilang interbensyon, gaya ng masusing pagtuturo at pagsasanay, naging mas mapanuri at responsable sila sa paggamit ng mga ito.

Ayon sa kanyang pag-aaral ang eksplisit at paulit-ulit na pagtuturo sa mga tuntunin ng bantas ay may malinaw na epekto sa paglinang ng kasanayang sumulat ng mga mag-aaral. Sa kanilang pag-aaral, napatunayan na ang malinaw na gabay, sapat na pagsasanay, at pagbibigay ng agarang puna ay tumutulong upang magkaroon ng tiyak at tamang paggamit ng mga bantas tulad ng tuldok, kuwit, at tandang pananong (Garcia at Lim 2020).

Samantala, binigyang-diin nina na ang paggamit ng *scaffolding* sa pagtuturo ng bantas ay epektibong paraan upang maibsan ang takot ng mga mag-aaral sa pagsulat at upang mapatibay ang tiwala nila sa sariling kakayahan. Nakita rin sa kanilang pananaliksik na kapag naunawaan ng mga mag-aaral ang gamit ng bantas sa aktwal na konteksto tulad ng paggawa ng liham o sanaysay ay mas nagiging makabuluhan at pangmatagalan ang kanilang pagkatuto. Reyes at (Martinez 2022).

Ang pangalawang tema ay ang Pagpapahusay sa paggamit ng bantas sa pagsusulat ng sanaysay ay isa sa mga makabuluhang pagbabagong naobserbahan sa mga kalahok. Lumitaw sa kanilang mga sagot ang pagtaas ng antas ng kamalayan sa tamang gamit ng mga bantas upang linawin at ayusin ang daloy ng kanilang mga ideya sa pagsulat. Mula sa walang pakundangang paggamit ng bantas, unti-unting naipapakita ng mga mag-aaral ang higit na pagiingat at pag-unawa sa kung paano ito nakaaapekto sa kahulugan ng kanilang sanaysay.

Ayon sa isang pag-aaral ang wastong paggamit ng bantas sa akademikong pagsulat ay mahalaga sa pagbibigay-linaw sa layunin ng manunulat at sa pagtulong sa mambabasa upang mas madaling maunawaan ang ideya. Binibigyang-diin niya na ang bantas ay hindi lamang teknikal na bahagi ng gramatika, kundi isang kasangkapan sa retorikal na pagbuo ng kaisipan (Alvarez 2021).

Samantala, ipinunto ng isang mananaliksik na ang kasanayan sa pagbantas ay mas nahuhubog sa pamamagitan ng *contextualized writing instruction*, kung saan natututo ang mga mag-aaral hindi lamang sa tuntunin kundi sa aplikasyon ng bantas sa aktwal na pagsulat. Sa kanyang pag-aaral, lumitaw na ang paggamit ng mga sanaysay bilang kasangkapan sa pagtuturo ng bantas ay nakatutulong sa metakognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral na mas nauunawaan nila *kung kailan* at *bakit* ginagamit ang isang tiyak na bantas (Navarro 2022).

Sa pangatlong tema sa pag-aaral na ito ay Isa sa mga pangunahing natuklasan ay ang pagkatutong gumamit ng bantas sa aktwal na pagsusulat, kung saan ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa at praktikal na aplikasyon ng mga tuntunin sa pagbantas. Lumilitaw sa kanilang mga gawa ang mas maingat at responsableng paggamit ng mga tandang bantas na nagbigay-linaw sa kahulugan at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya.

Ayon sa isang pag-aaral ang pagkatutong gamitin ang bantas sa aktwal na pagsusulat ay hindi lamang batay sa teoretikal na kaalaman kundi higit sa lahat ay sa madalas na praktis at pagninilay sa sariling gawa. Sa kanyang pag-aaral, pinatunayan niya na ang pagsasanay sa pagsulat ng mga teksto ay nakatutulong upang mas maunawaan ng mga mag-aaral kung paano nakakaapekto ang bantas sa daloy at linaw ng mga pangungusap (De Guzman 2021).

Dagdag pa rito, ang kahalagahan ng *formative writing activities* at *feedback sessions* bilang mga epektibong pamamaraan upang mapaunlad ang kakayahan sa paggamit ng bantas sa konteksto ng aktwal na pagsulat. Ayon sa kanya, ang tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsusulat ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang natutunan at maitama ang mga pagkakamali sa wastong panahon (Mendoza 2023).
Sa pang-apat na tema ay isa sa mga mahahalagang bahagi ng pagkatuto ng wastong paggamit ng bantas ay ang aktwal na pagsulat kasabay ng sistematikong pagwawasto. Lumilitaw sa mga sagot ng mga kalahok na ang kanilang kakayahan sa paggamit ng bantas ay lalong lumalalim kapag sila ay nagsusulat ng mga sanaysay at agad na nabibigyan ng puna at pagwawasto. Ang proseso ng pagsusulat at pagbibigay ng puna ay nagsisilbing epektibong paraan upang maipakita ang mga pagkakamali at maitama ito sa mas maagang yugto.

Ang *writing and correction cycle* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng gramatika at pagbantas sapagkat ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maranasan ang aplikasyon ng mga tuntunin sa isang real-life na konteksto. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng pagkakataon na matutunan mula sa kanilang mga pagkakamali at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat (Reyes 2021).

Binigyang-diin naman ng mananaliksik na ang agarang pagwawasto ay mahalaga upang maiwasan ang pag-uulit ng maling paggamit ng bantas. Sa kanyang pag-aaral, nakita niya na ang paggamit ng *formative feedback* sa panahon ng pagsulat ay nakatutulong sa pagbuo ng mas malalim na kamalayan at mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbantas (Santos 2022).

Sa ikalimang tema ay nagpapakita na ang isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wastong paggamit ng bantas ay ang paggamit ng mga halimbawa at visual na materyales upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Lumitaw sa mga sagot ng mga kalahok na mas naging malinaw sa kanila ang mga tuntunin sa pagbantas kapag may kasamang konkreto at madaling maintindihan na halimbawa, gayundin ang mga grapiko o larawan na naglalarawan ng tamang gamit ng bantas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang paggamit ng visual aids sa pagtuturo ng gramatika ay nakatutulong upang mas mapadali ang pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga abstraktong konsepto tulad ng mga tuntunin sa pagbantas. Ang mga halimbawa naman ay nagsisilbing gabay upang makita ng mga mag-aaral ang aplikasyon ng mga tuntunin sa totoong konteksto ng pagsulat (De la Cruz 2021).

Binigyang-diin na ang pagsasama ng halimbawa at visual na materyales ay nagpapataas ng *engagement* at interes ng mga mag-aaral, na siyang nagiging daan sa mas matibay na pagkatuto. Ang kombinasyon ng verbal at visual na pamamaraan ay nagbibigay daan upang maabot ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Flores 2022).

Ayon sa ginawang pananaliksik nina Beldad et al., (2020) patungkol sa paggamit ng bantas sa paaralan, natuklasan na ang paaralan ay mayroong malaking ginampanan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bantas sa kadahilanang ito nga ay tinatalakay sa paaralan. Masasabi rin na ang mga kalahok ay maraming nalalaman patungkol sa bantas, partikular na sa mga gawaing pampaaralan.

Ayon naman ni Nurhaidah (2021) na kung saan batay sa resulta ng kaniyang pananaliksik, idiniin nito na mahihinuha na karamihan ay pagkakamali ng bantas ay ang pagtanggal ng mga marka, tulad ng nangyari sa paggamit ng kuwit, malaking titik, tuldok, panipi, kudlit, tandang pananong at tandang padamdam.

Dagdag pa sa isang pag-aaral na isinagawa ni Awad (2021), lumalabas na kadalasang pagkakamali sa pagbabantas ay ang sobrang paggamit ng kuwit kapalit ng tuldok, at ang kamalian sa paggamit ng tuldok-kuwit.

KONKLUSYON

Batay sa datos, makikitang may makabuluhang pagbabago sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo. Ang t-value na nakuha ay -7.763, na nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawang *mean scores* (*pre-test* at *posttest*). Ang negatibong tanda ay nagpapahiwatig na ang mean score sa *pre-test* ay mas mababa kumpara sa *mean score* sa *post-test*, na nagsasaad ng pag-unlad o positibong pagbabago sa kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, mapapansin na ang p-value ay mas mababa sa 0.001, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba ng dalawang pagsusulit na isinagawa.

Bago isagawa ang interbensyon, natuklasan na ang antas ng pagganap ng mga magaaral sa paggamit ng mga bantas ay mababa hanggang katamtaman. Marami sa kanila ang hindi pa lubos na nauunawaan ang tamang gamit ng mga tandang bantas kaya't nagkakaroon ng mga karaniwang pagkakamali sa kanilang pagsusulat. Dahil dito, naapektuhan ang linaw at organisasyon ng kanilang mga ideya, na nagdudulot ng hindi epektibong komunikasyon sa kanilang mga sanaysay.

Matapos ang interbensyon, napansin ang malinaw na pag-angat sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas. Mas naging maingat at tama ang kanilang paggamit ng mga tandang bantas, na nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa sa mga tuntunin ng pagbantas. Ang kanilang mga sulatin ay naging mas organisado at malinaw, na nagpatunay sa positibong epekto ng interbensyon sa kanilang kakayahan sa pagsulat.

Ipinakita ng pagsusuri ng datos na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang resulta ay nagpapakita na epektibo ang ginawang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa paggamit ng mga bantas. Malinaw na ang pagsasanay at mga metodolohiyang ginamit ay nakatulong upang maitama ang mga dating pagkakamali at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsusulat.

Batay sa pananaw ng mga mag-aaral, nakaramdam sila ng malaking pag-unlad sa kanilang kakayahan sa paggamit ng mga bantas pagkatapos ng interbensyon. Napagtanto nila ang kahalagahan ng wastong pagbantas sa pagpapalinaw ng mga ideya at sa pagpapaganda ng kanilang mga sulatin. Ang karanasang ito ay nagdulot ng mas mataas na kumpiyansa sa kanilang pagsusulat at nagpatibay ng kanilang responsableng paghawak sa wika bilang kasangkapan sa epektibong komunikasyon.

Ayon sa resulta, ang nakuha na t-value ay 7.763 na may degree of freedom (df) na 29 at p-value na mas mababa sa <.001. Ang p-value na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa performance ng mga magaaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa posttest ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Batay sa mga kinalabasan ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo: May kasanayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bantas subalit nangangailangan pa ng tamang paggabay; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral pagkatapos matalakay ang wastong gamit nito ay mahusay dahil sa wastong patnubay at pagtuturo ng guro sa wastong gamit ng bantas; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay may kabuluhan dahil sa matiyagang pagtuturo ng guro sa wastong pamamaraan sa paggamit ng bantas.

REKOMENDASYON

Imimumungkahi ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy ng pagpapasulat ng sanaysay bilang stratehiya sa pagpapalawak ng kasanayan sa wastong paggamit ng bantas at palawakin pa ito upang tumatag at maraming mag-aaral ang makasasali sa interbensyon na ito. Bilang bunga ng resulta ng pananaliksik, ang bisa nito ay napatunayan kung kaya maaari itong gawing regular na bahagi ng asignaturang Filipino

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na mas pahabain pa ang panahon na ilalaan sa pagpapatupad ng interbensyon upang ito ay mas maging epektibo at mabibigyan ng mahabang panahon ang mga mag-aaral na pagtuonan ng pansin ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong bantas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa isang pangungusap. Sa pamamagitan nito, mas nabibigyan ng pokus ang kanilang kahinaan at mas mapapaunlad ang mga bagay na may mataas na kaalaman na sila. Mas masisiguro din ang pagbabago at pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Panghuli, para sa mga mananaliksik, mas mainam na ipanatili ang mga pagsasanay sa pagsulat at paggamit ng wastong bantas o kaya naman ay dagdagan pa ng iba't ibang estratehiya na pagpapalawak ng kasanayan sa mga mag-aaral sa paggamit ng wastong bantas. Dagdag pa, magpapatuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik upang higit pang maunawaan ang mga pinakamabisang paggamit ng wastong bantas sa pagsusulat ng sanaysay.

TALASANGGUNIAN

1. *Abdelsadig, et.al. (2016) Investigate the problems of using punctuation among secondary school students.*
2. *Alvarez, M. L. (2021). Pagpapalalim sa Kasanayan sa Paggamit ng Bantas sa Akademikong Pagsulat. Journal of Filipino Language Education, 5(1), 44–58.*
3. *Beldad, E. et al. (2020). Kaalaman sa Paggamit ng Bantas ng mga Piling Mag- aaral na Nagsipagtapos sa Senior High School.*
4. *De Guzman, R. T. (2021). Praktikal na Pagsasanay sa Paggamit ng Bantas sa Pagsulat. Journal of Language and Education Research, 6(1), 55–68.*
5. *Dela Cruz, M. P., & Aquino, R. G. (2021). Pagsasanay sa Gramatika at Mekaniks ng Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Mataas na Paaralan. Philippine Journal of Language Teaching, 58(2), 112– 125.*
6. *DepEd Order No. 39, series 2012. Policy guidelines on addressing learning gaps and implementing a reading and writing program in secondary school effective school year (S Y) 2012-2013*
7. *Errol Rabe Solidarios (2023)- https://www.scribd.com/document/492336211/rubrik-pic*
8. *Farjana et al., (2025). Identifying the Difficulties of Using Punctuation Marks in Writing Among Grade Ten Students in Kalmunai Muhammad Ladies College https://competitive.pdfaii.org/index.php/i/article/view/148*
9. *Ferrance, E. (2000). Action research. Providence, Rhode Island: Northeast and Islands Regional Educational Laboratory at Brown University.*
10. *Flores, R. S. (2022). Engaging Students through Visual Materials in Language Education. Philippine Journal of Educational Strategies, 5(3), 88–101.*
11. *Galingana, G. (2019). Kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa University of Perpetual Help System-Cauayan City, Isabela. https://tinyurl.com/2p9dj536*
12. *Garcia, A. & Lim, D. (2020). Enhancing Writing Skills through Explicit Punctuation Instruction. International Journal of Educational Research in the Philippines, 12(3), 134–147.*
13. *Jarius & Panicker., (2023). The Effectiveness of Using "Punctuation Island" Game for the Improvement of Children'sBasic Punctuation Skills https://ejournal.lucp.net/index.php/ijeissah/article/view/2128/2405*
14. *Lopez, J. M. (2020). Ang Malikhaing Pagsulat bilang Kasangkapan sa Pagpapalawak ng Kakayahang Lingguwistiko ng mga Mag-aaral. Dalumat: Journal of Interdisciplinary Research, 11(1), 85–98.*
15. *Navarro, J. R. (2022). Pagtuturo ng Bantas sa Kontekstong Akademikong Pagsulat: Isang Karanasang Pedagohikal. Philippine Journal of Language and Literacy Education, 4(2), 76– 91.*
16. *Mendoza, A. L. (2023). Paglinang ng Kasanayan sa Paggamit ng Bantas sa Aktwal na Pagsusulat sa Sekundarya. Philippine Journal of Language Studies, 7(2), 102–115.*
17. *Păiş, V., & Tufiş, D. (2022). Capitalization and punctuation restoration: a survey. Artificial Intelligence Review. https://doi.org/10.1007/s10462-021-10051-x*
18. *Pamplona, F. (2024) Punctuation in research https://mindthegraph.com/blog/punctuation-inresearch-paper/*
19. *Reyes, A. C. (2022). Pagkilala sa Gamit ng Bantas sa Pagsusulit at Aktwal na Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Junior High School. Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, at Kulturang Filipino, 8(1), 43–59.*
20. *Syed, A.S., Amin, T. & Ishtiaqh, M. (2020). Punctuation errors in writing: A comparatively study of student's performance from different Pakistani Universities.*
21. *https://www.google.com/imgres?imgurl=https%3A%2F%2Fimgv2-1-*
22. *Tran Thi Yen., (2021). Improving the Competence in Using Punctuation Marks for English Majors through Reading Academic Texts*
23. *https://www.researchgate.net/publication/357863111_Improving_the_Competence_in_Using_Punctuation_Marks_for_English_Majors_through_Reading_Academic_Texts*
24. *Wakgari Haile Geisa., (2022). Improving the problems of using punctuation marks in paragraph writing skills: the case offirst year Sociology department students at Dambi Dollo University file:///C:/Users/Acer%20Aspire/Downloads/Wakgari+Haile-3+KK.pdf*